

May Kalidad na Edukasyon

Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong, Tsina




1 Panimula sa Bagong Istrukturang Pang-akademiko

Ang Pamahalaan ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong (HKSAR) ay nagpatupad noong Setyembre 2009 ng Bagong Istrukturang Pang-akademiko (NAS) na binubuo ng 3 taong kurikulum sa paaralan sa antas ng nakatataas na sekundarya (SS) at 4 na taong programang di-gradwado sa antas ng unibersidad. Kukuha lamang ang mga mag-aaral ng isang pampublikong eksaminasyon – ang Diploma ng Eksaminasyon sa Edukasyong Pansekundarya ng Hong Kong (HKDSE) sa pagtatapos ng edukasyong pansekundarya. Matagumpay na nailunsad ang unang HKDSE noong 2012.

2 Mga Benepisyo ng Bagong Istrukturang Pang-akademiko – Mga Mamamayang Pandaigdig at Mga Landas na Pandaigdig

Sa Hong Kong, lahat ng mga mag-aaral ay may karapatang makatanggap ng labindalawang taon ng libreng edukasyon sa paaralan. Nagkakaloob ang NAS ng malawak at balanseng SS na kurikulum na may sari-saring pagpipilian upang umangkop sa iba't ibang pangangailangan, interes at kakayahan ng mga mag-aaral. May malaking pagdidiiin na ibinigay sa pag-unlad ng buong pagkatao, panghabambuhay na kakayahan sa pagkatuto at pandaigdigang pananaw ng mga mag-aaral. Pagkatapos kunin ang HKDSE, magkaroon ng akses ang mga mag-aaral sa mas mataas na edukasyon at lugar ng trabaho pati na sa mas mahusay na artikulasyon sa mga sistemang pang-akademiko ng ibang bansa sa pamamagitan ng maramihang landas (tingnan ang sumusunod na dayagram).


Maramihang Landas sa mga Gradwado ng Paaralang Pansekundarya



3 Kurikulum ng Nakatataas na Sekundarya (SS)

Balangkas

Sa ilalim ng NAS, binubuo ang kurikulum* ng SS ng:



* Ang kurikulum ay idinisenyo batay sa 2,500 oras ng aralin, na may naibabagay na saklaw na $2,400 \pm 200$ oras sa loob ng tatlong taon upang magsilbi sa pagkasari-sari ng mga paaralan.

** Binubuo ang Matematika ng Bahaging Sapilitan at dalawang elektibong modyul na pinalawig (opsyonal, maaaring kumuha ang mga mag-aaral ng hindi hihigit sa isang elektibong modyul na pinalawig): Modyul 1 (M1) – Kalkulus at Estadistika o Modyul 2 (M2) – Alhebra at Kalkulus.


Mga Liberal na Pag-aaral

Ang mga Liberal na Pag-aaral ay isang pangunahing asignatura sa kurikulum ng SS. Naglalayon ito na mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral at mapahusay ang kanilang kamalayang panlipunan, pambansa at pandaigdig, at mabuo ang kanilang mga kasanayang multi-perspektibo at mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pag-aaral ng malawakang saklaw ng mga isyu na gumagamit ng multi-disiplinaryong pamamaraan ng pagtatanong.


Mga Elektibong Asignatura

20 asignaturang SS[#] sa kabuuan sa ilalim ng 8 Larangan ng Susing Pagkatuto, 6 na asignatura ng Ibang Wika at malawakang saklaw ng mga asignatura ng Pagkatutong Inilalapat (ApL) ang iniaalok upang magkaloob ng malawak at balanseng kurikulum.

8 Mga Larangan ng Susing Pagkatuto



Nag-aalok ang ApL ng mga pag-aaral na may pantay na pagdidin sa praktika at teoryang nakaugnay sa malawak na mga larangang propesyonal at bokasyonal. Para sa komprehensibong pagkatuto, isang naibabagay na kombinasyon ng ApL at ng mga pangunahing asignatura, asignaturang elektibo at Ibang Karanasan sa Pagkatuto ang tumutulong na magkaloob ng mga oportunidad sa pagkatutong panteorya at inilalapat upang magsilbi sa sari-saring pangangailangan sa pagkatuto, interes at kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng aplikasyon at praktika, magkakaroon ang mga mag-aaral ng oportunidad na bumuo ng mga kasanayang pangkalahatan at set ng mga kasanayan ng mga baguhan, at upang galugarin ang kanilang mga aspirasyon sa karera at oryentasyon para sa pagkatutong panghabambuhay. Iba't ibang kursong ApL ang binuo sa ilalim ng anim na larangan ng pag-aaral:



Nakarehistro ang mga indibidwal na kursong ApL sa Rehistro ng mga Kwalipikasyon bilang mga programang pansertipiko sa Antas 3 ng Balangkas ng Kwalipikasyon (QF). Simula sa pampaaralang taon 2014/15, ang Pagkatutong Inilalapat sa Tsino (para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino) na nakatakda sa Antas 1 hanggang 3 ng QF ay ipinakikilala yugtu-yugtu upang magkaloob ng karagdagang daluyang eksklusibo para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino nang sa gayon ay makakuha sila ng alternatibong kwalipikasyon sa wikang Tsino.

Ang mga detalye ng asignatura ay makukuha sa Buletin sa Web ng Bagong Istrukturang Pang-akademiko (<http://www.edb.gov.hk/nas/en/curriculum>).

[#]Ang mga asignaturang elektibo ng SS na iniaalok sa mga paaralan ay maaaring magbago ayon sa konteksto ng mga indibidwal na paaralan at mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ibang Mga Karanasan sa Pagkatuto (OLE) at Profile ng Pagkatuto ng Mag-aaral (SLP)

Nakatindig sa pundasyon ng mga karanasan sa pagkatuto na natamo sa panimulang edukasyon, ang OLE ay isang esensiyal na sangkap ng kurikulum ng SS na idinisenyo upang itaguyod ang pag-unlad ng buong pagkatao. Sa loob ng kurikulum na pampaaralan, ipinagkakaloob sa mga mag-aaral ang mga aktibidad ng OLE sa limang larangan: Edukasyong Moral at Sibika, Mga Karanasang May Kaugnayan sa Karera, Serbisyonang Pangkomunidad, Pag-unlad na Estetiko at Pag-unlad na Pisikal. Hinihimok ang mga mag-aaral na bumuo ng SLP sa kanilang OLE, gantimpala/tagumpay na nakamit sa labas ng paaralan, kagalingang pang-akademiko sa paaralan at higit na mahalaga, upang isagawa ang sariling pagtitika upang sabihin ang kanilang mga kuwento ng pagkatuto at maging sanggunian ang mga ito ng pagpasok sa edukasyon pagkatapos ng sekundarya at unibersidad pati na sa mga employer.

4 Pagtatasa – ang HKDSE

Sa ilalim ng NAS, maaaring kumuha ang mga mag-aaral ng hanggang walong asignatura mula sa mga Kategoriya A, B o C.

Kategoriya A: 24 na Asignatura sa Nakatataas na Sekundarya (Kasama ang 4 na pangunahing asignatura at 20 asignaturang elektibo)

Gumagamit ang HKDSE ng isang sistema ng pag-uulat na sumasangguni sa mga pamantayan (SRR). Luulat ang pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsangguni sa limang antas (antas 1 hanggang 5), ang 5 bilang pinakamataas. Ang mga pinakamataas na kandidato na may antas 5 ay gagawaran ng antas 5** at ang mga susunod na pinakamataas na kandidato na may antas 5 ay gagawaran ng antas 5*. Hindi makatatanggap ang mga hindi nakakamit ng pamantayan sa antas 1 ng anumang resulta para sa partikular na asignaturang iyon. Mayroong detalyadong set ng inireresetang tagapaglarawan upang ilarawan ang tipikal na pagganap ng mga mag-aaral sa bawat antas. Pakiakses ang website ng Awtoridad sa mga Eksaminasyon at Pagtatasa ng Hong Kong (HKEAA) para sa mga karagdagang detalye

(http://www.hkeaa.edu.hk/en/HKDSE/assessment/the_reporting_system/SRR/).

Kategoriya B: Mga Asignatura ng Pagkatutong Inilalapat (ApL)

Ang pagtatasa ng mga asignaturang Kategoriya B (Pagkatutong Inilalapat) ay isinasagawa ng mga tagapagkaloob ng kurso. Pagkatapos ng moderasyon ng HKEAA, itatala ang mga panghuling resulta sa sertipiko ng HKDSE. Para sa mga Eksaminasyon ng HKDSE sa 2012-2017, iniuulat ang mga resulta ng ApL bilang “Nakamit” at “Nakamit na May Karangalan” sa HKDSE. Ang mga mag-aaral na nakakamit ng mga resultang “Nakamit” at “Nakamit na May Karangalan” sa mga kursong ApL ay tinatanggap bilang nakakamit ng mga kagalingan na kinakailangan sa Antas 2 at Antas 3 o pataas ng mga asignatura sa Kategoriya A ng Eksaminasyong HKDSE para sa mga layunin ng higit pang pag-aaral at/o trabaho.

Simula sa HKDSE sa 2018, ang pag-uulat ng pagganap ng mga mag-aaral sa mga asignaturang ApL ay higit pang pipinuhin sa 3 antas:

Nakamit

Nakamit na May Karangalan (I)

Nakamit na May Karangalan (II)

Ang pagganap ng “Nakamit ng May Karangalan (I)” ay maihahambing sa antas 3 samantalang ang “Nakamit na May Karangalan (II)” ay maihahambing sa antas 4 o pataas ng mga asignatura sa Kategoriya A ng HKDSE. Para sa Tsino na ApL (para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino), ang mga umiiral na antas ng mga resulta, o sa ibang salita “Nakamit” at “Nakamit na May Karangalan,” ay ipagpapatuloy na gagamitin.

Kategorya C: Mga Asignatura ng Ibang Wika

Mayroong 6 na Asignatura ng Ibang Wika, o sa ibang salita, Pranses, Aleman, Hindi, Hapon, Espanyol at Urdu. Ang mga mag-aaral ng mga asignaturang ito ay uupo para sa Eksaminasyon sa Abansadong Subsidiaryong Antas ng mga Internasyonal na Eksaminasyon ng Cambridge (CIE) na pinangangasiwaan ng HKEAA. Ang pagmamarka at pagbibigay ng grado ay isasagawa rin ng CIE. Iuulat ang mga resulta na may pagsasangguni sa limang marka (a-e), ang markang e bilang pinakamababa at grado a bilang pinakamataas. Ang mga nakatamo ng mas mababa sa e ay hindi iuulat sa sertipiko.

Pagkilala

Lokal na Pagkilala

Ang mga pinakamababang kinakailangan sa pagpasok sa programang di-gradwado na iniaalok ng mga institusyong pinopondohan ng pamahalaan o sinusustentuhan ng sarili nilang pera ay antas 3 para sa Wikang Tsino at Wikang Ingles, at antas 2 para sa Matematika at Mga Liberal na Pag-aaral (o “3322”). Ang mga indibidwal na institusyon / pakultad / programa ang titiyak ng antas ng pagkamit na kinakailangan para sa isa o dalawang asignaturang elektibo, at iba pang mga kinakailangan sa pagpasok.

Para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino na kumukuha ng kurikulum ng SS at umuupo sa HKDSE, maaaring isaalang-alang ng mga institusyon, para sa layunin ng pagpapatupad ng kanilang mga kinakailangan sa pagpasok, ang (mga) alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Tsino (sa ilalim ng Pangkalahatang Sertipiko ng Edukasyong Pansekundarya, Internasyonal na Pangkalahatang Sertipiko ng Edukasyon Pansekundarya, at Pangkalahatang Sertipiko ng Edukasyon) sa halip na mga pangkalahatang kinakailangan sa Wikang Tsino para sa mga mag-aaral na nakatugon sa mga tinutukoy na kondisyon: (a) mga mag-aaral na natuto ng Wikang Tsino sa loob ng bababa sa 6 na taon habang tumatanggap ng edukasyong primarya at pansekundarya; (b) mga mag-aaral na natuto ng Wikang Tsino sa loob ng 6 na taon o higit pa sa mga paaralan ngunit tinuruan gamit ang isang inangkop at mas payak na kurikulum sa Wikang Tsino na hindi karaniwang katanggap-tanggap sa mayorya ng mga mag-aaral sa mga lokal na paaralan.

Tinatanggap ng mga institusyon na pinondohan ng Komite ng mga Kaloob sa Unibersidad at karamihan sa mga institusyong pagkatapos ng sekundarya ang ApL(C) bilang alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Tsino para sa pagpasok ng mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino na may “Nakamit” bilang pinakamababang antas na kinakailangan.

Ang pinakamababang kinakailangan sa pagpasok para sa mga programa ng Associate Degree o Mas Mataas na Diploma ay antas 2 sa limang asignaturang HKDSE, kasama ang Wikang Ingles at Wikang Tsino. Maaaring tanggapin ang hanggang 2 asignaturang ApL sa antas na “Nakamit.”

Internasyonal na Pagkilala

Malapit na nakikipagtulungan ang HKEAA sa mga internasyonal na lupon upang makamtan ang pagkilala ng HKDSE ng mga institusyong di-lokal at nasa ibayong dagat. Natanggap ng mga positibong komento sa mga layunin at disenyo ng kurikulum ng SS mula sa mga institusyong ito. Higit pang mga detalye ng pagkilala sa HKDSE ang makukuha sa website ng HKEAA (http://www.hkeaa.edu.hk/en/recognition/hkdse_recognition/).

Ang Halaga ng Taripa ng UCAS Para sa HKDSE

Simula Setyembre 2017, ang bagong Taripa ng UCAS ay ipakikilala upang suportahan ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon sa UK para sa layunin ng pagpasok. Itinuturing ang antas 3 hanggang antas 5** ng HKDSE na kahambing-hambing sa mga marka E hanggang A* sa eksaminasyong antas A ng GCE. Ang antas 5** sa mga asignatura ng Nakatataas na Sekundarya sa Kategorya A ay ginagawaran ng pinakamataas na posibleng puntos na 56. Ang antas 5** sa Bahaging Sapilitan at sa Bahaging Pinalawig sa Matematika ay ginagawaran ng 28 puntos bawat isa, kaya ang mga kandidatong kinukuha ang dalawang bahagi ng Matematika ay maaaring makakamit ng mga puntos ng taripa na kapantay ng ibang mga asignatura sa Kategorya A ng HKDSE. (http://www.hkeaa.edu.hk/en/recognition/hkdse_recognition/overseas/uk/).

Mga Tugong Internasyonal

Kaalinsabay ng layunin ng pagtataguyod ng NAS at HKDSE, ang Kawanihan ng Edukasyon ng HKSAR at HKEAA ay dumalaw sa mga sektor ng mas mataas na edukasyon at awtoridad ng edukasyon sa iba't ibang bansa upang ipakilala ang NAS at HKDSE. Nakatanggap ito ng mga positibong komento.

Isang ‘huwarang’ reporma sa kurikulum

- “... bilang isang paraan ng paggamit ng sistemang may mataas na pagganap at ginagawa pa itong mas mahusay, napatunayan na [ang reporma sa kurikulum at eksaminasyon ng Hong Kong] ay huwaran.”
- “Gumamit ang pamahalaan ng pangmatagalan at estratehikong pananaw at tiniyak nito na ang bawat salik ng sistema ay kumilos bilang isang kasangkapan ng pagpapatupad upang palakas ang mga reporma. Dahil ang disenyo ay magkakatugma at malalim na isinaalang-alang, gumana ito.”

Barber, M., Donnelly, K. and Rizvi, S. (2012). *Oceans of Innovation: the Atlantic, the Pacific, Global Leadership and the Future of Education*. London: IPPR.

- “Ang Hong Kong ay isang nangungunang halimbawa ng matagumpay na estratehiya at pagpapatupad sa edukasyon.”

- “Nagmula ang tagumpay ng Hong Kong sa kaniyang detalyado at tumpak na pamamaraan sa pagpapatupad ng buong sistema. Dumaan ito sa pagpapalano ng pagpapatupad kaalinsabay ng disenyo ng estratehiya...”

Jensen, B. (2012). *Catching up: Learning from the best school systems in East Asia*. Grattan Institute.

7 Ang Hong Kong Bilang Isang Panrehiyong Sentro ng Edukasyon

Ang Hong Kong ay isang lugar kung saan nagtatagpo ang Silangan at ang Kanluran. Nagkakaloob ito ng isang mapanghalinang kapaligiran ng pagkatuto sa paghahanda sa mga mag-aaral na tumugon sa mga hamon sa isang globalisadong daigdig. Nangangarap ang Hong Kong na maging panrehiyong sentro ng edukasyon upang magkandili ng mga talento para sa rehiyon. Malugod na tinatang-gap namin ang mga mag-aaral mula sa ibayong-dagat na mag-aral, magsagawa ng mga pang-akademikong pananaliksik, at makibahagi sa mga ng pagpapalitan sa edukasyon.

Mga Nangungunang Unibersidad

Ang mga unibersidad sa Hong Kong ay kasama sa mga pinakamahusay sa daigdig. Mula sa 20 institusyong gumagawad ng degree, ang apat sa mga ito ay isinama sa pinakamataas na 100 noong 2016 ng Quacquarelli Symonds, at tatlo sa kanila ay isinama sa pinakamataas na 100 ng suplemento ng Times Higher Education noong 2016.


World-class na MBA at EMBA

Nagpupunong-abala ang mga unibersidad sa Hong Kong sa mga pinakamahusay na programa ng pangangasiwa ng negosyo at ng ehekutibong pangangasiwa ng negosyo. Sa isang sarbey ng Financial Times noong 2015, iniranggo ang programang Kellogg-HKUST EMBA bilang pangalawa sa buong daigdig. Noong 2016, ang programang MBA na iniaalok ng The Hong Kong University of Science and Technology ay iniranggo bilang ika-labing-apat sa buong daigdig.



8 Pagrepaso sa NAS

6/2012 – Baitang-baitang na Pagrepaso sa NAS



Para sa higit pang detalye sa pagrepaso sa NAS, bumisita sa website ng pagrepaso sa NAS:
<http://www.edb.gov.hk/nas/review/en>

9 Mga Kapaki-pakinabang na Website

- Kawanihan ng Edukasyon: <http://www.edb.gov.hk/en>
- Awtoridad sa mga Eksaminasyon at Pagtatasa ng Hong Kong: <http://www.hkeaa.edu.hk/en/>
- Buletin sa Web ng Bagong Istrukturang Pang-akademiko: <http://www.edb.gov.hk/nas/en>
- Pagkatutong Inilalapat: <http://www.edb.gov.hk/apl/en>
- Ibang Mga Karanasan ng Pagkatuto at Profile ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral:
<http://www.edb.gov.hk/cd/ole>
<http://www.edb.gov.hk/cd/slp>
- Sulok Para sa mga Bisita Mula sa Ibayong-Dagat: <http://www.edb.gov.hk/nas/overseas>
- Rehistro ng mga Kwalipikasyon: <http://www.hkqr.gov.hk>
- Pagrepaso sa NAS: http://334.edb.hkedcity.net/EN/334_review.php

Makipag-ugnayan
sa Amin

Email: nas@edb.gov.hk
Tel: 2892 6460



Kawanihan ng Edukasyon
Ang Pamahalaan ng Espesyal na Administratibong
Rehiyon ng Hong Kong

Awtoridad sa mga Eksaminasyon at Pagtatasa ng Hong Kong